# Pag-alaga sa iyong ari-arian

**Pagdating sa pag-alaga ng iyong ari-arian, mahalaga na alam mo ang iyong mga obligasyon bilang nangungupahan at ang obligasyon ng Mission Australia Housing bilang nagpapaupa o sa ibang sitwasyon ay ahente ng nagpapaupa.**

### Bilang nangungupahan, kailangan mong gawin ang sumusunod:

- Panatiliing malinis ang ari-arian
- Iwasang makasira sa ari-arian at ipaalam sa nagpapaupa kaagad kung mayroong pagkasira
- Humingi ng permiso bago magkabit ng fixtures o may gagawing mga pagbabago
- Iwasang maging istorbo sa nagpapaupa o mga kapit-bahay
- Huwag makilahok sa anumang ilegal na gawain sa ari-arian

### Ang Mission Australia Housing bilang nagpapaupa (o ahente ng nagpapaupa) ay kailangang gawin ang mga sumusunod:

- Panatiliing maayos ang paligid ng mga ari-arian
- Siguraduhing ligtas ang ari-arian sa pamamagitan ng pagtiyak na naka-kandado ang mga pintuan at mga bintana
- Kaagad na pagbigay sa nangungupahan ng bagong susi kung may binagong mga kandado
- Iwasan ang pag-istorbo sa mga nangungupahan kung hindi kailangan

## Paglipat

**Pagkatapos mong pumirma sa kontrata ng upa sa iyong ari-arian at magbayad ng garantiya, ikaw ay bibigyan ng ulat tungkol sa kundisyon ng iyong ari-arian. Ang ulat na ito ay nagpapakita ng mga detalye ng kundisyon ng ari-arian bago ang iyong paglipat.**

**Responsibilidad mo bilang nangungupahan na panatiliing sa parehong kundisyon ang iyong ari-arian base sa ulat ng kundisyon, maliban sa patas na pagkaluma at pagkasira.**

Kung ikaw ay umalis mula sa iyong ari-arian, ang ulat ay gagamitin ng Mission Australia upang malaman kung mayroong labis na pagkasira sa ari-arian at kung ang iyong ibinayad na garantiya ay ibabalik sa iyo o hindi.

## Pag-inspeksyon sa ari-arian

**Ang Missiong Australia Housing ay nagsasagawa ng regular na inspeksyon ng lahat ng aming ari-arian, alinsunod sa batas ng estado, para makasiguro na ang aming mga ari-arian ay nababantayan at para matugunan ang anumang problemo sa pagpapaupa o ari-arian. Karaniwan ay ginagawa ang inspeksyon dalawang beses sa isang taon.**

Ang mga inspeksyon ay magandang pagkakataon para sa mga nangungupahan na ipaalam ang mga pagkabahala sa ari-arian o humiling ng pag-aayos o magsabi sa kanilang Housing Manager ng anumang katanungan tungkol sa ari-arian o pag-upa. Ang mga inspeksyon ay maganda ring pagkakataon para sa mga nangungupahan na magbigay ng katugunan tungkol sa MAH at ang mga serbisyong aming binibigay.

Mahalaga na bigyan ng pahintulot ang Mission Australia Housing na gawin ang mga inspeksyon at siguraduhin mo na ang iyong ari-arian ay malinis at walang sira.

## Pag-papaayos at pagpapanatili

Responsibilidad mo na panatiliing malinis at maayos ang iyong ari-arian, pero ang pag-papaayos ay responsibilidad ng Mission Australia Housing bilang nagpapaupa (maliban na lang kung ikaw ang nakasira sa ari-arian).

Kung may ipapayos na maliliit na bagay gaya ng tumutulong gripo o malalaking bagay gaya ng pagpapalit ng sirang kalan, mahalaga na ipaalam ito sa Mission Australia Housing o para sa mga nangungupahan sa Tasmania sa inyong tagapag-ayos, sa lalong madaling panahon. May mga pagkasira na mas lumalala kung hindi agad ayusin at magdulot ng karagdagan pang pagkasira.

Siguraduhin na magbigay ng lahat ng posibleng impormasyon upang kami ay matulungan sa pag-ayos ng sira ng mas mabilis. Para sa karagdagang impormasyon sa pag-papaayos at pagpapanatili ng inyong ari-arian, tignan ang Mission Australia Housing Factsheet tungkol dito na matatagpuan sa aming website o mga opisina.

## Paglinis ng ari-arian

Tignan ang kabilang pahina para sa kapaki-pakinabang na listahan na maaaring tignan sa paglilinis ng iyong ari-arian.

## Paghingi ng tulong

**Kung kailangan ng tulong sa pangangalaga ng iyong ari-arian o sa pamamahala ng iyong upa, makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager na maaari kang isangguni sa lokal na nagbibigay suporta para kayo ay tulungan.**

## Paglinis ng ari-arian

Ang mga sumusunod ay listahan na maaaring tignan sa pag-linis ng iyong ari-arian:

### Kusina

- [ ] linisin ang loob at labas ng lahat ng aparador
- [ ] hugasan ang mga ibabaw
- [ ] linisin ang loob at labas ng oven, microwave, dishwasher, pridyeder
- [ ] linisin ang kabuuan ng kalan
- [ ] linisin ang mga lababa at gripo
- [ ] linisin ang mga bintana, kabitan ng bintana at mga fly screens
- [ ] walisan at i-bakyum ang mga sahig

### Banyo

- [ ] Linisin ang lababo, kasilyas at paliguan kasama ang mga gripo
- [ ] Linisin ang mga tiles
- [ ] Alisin ang mga amag sa pader, tiles at kisame
- [ ] Hugasan ang kurtina sa paliguan
- [ ] Linisin ang lahat ng ibabaw at mga salamin
- [ ] Walisan at hugasan ang lahat ng sahig

### Ibang kwarto

- [ ] Alisan ng alikabok at hugasan ang mga ibabaw
- [ ] Alisan ng alikabok at hugasan ang pintuan at mga bintana
- [ ] Linisin ang mga salamin
- [ ] Alisan ng alikabok ang mga bentilador
- [ ] Linisin ang labas ng mga air conditioning units, linisin ang mga filter (kung mayroon)
- [ ] Linisin ang lahat ng aparador
- [ ] Alisan ng alikabok at linisin ang mga skirting boards
- [ ] i-bakyum at linisin ang mga sahig

### Mga lugar sa labas

- [ ] magbunot ng damo
- [ ] magwalis sa labas
- [ ] linisin at hugasan ang mga basurahan
- [ ] tanggalin ang anumang mantsa ng langis sa garahe o sa daanan
- [ ] alisin ang mga sapot at alikabok

### Pangkalahatan

- [ ] alisin ang mga basura
- [ ] regular na pag-sugpo sa peste, lalo na sa panahon ng tag-init at kung kayo ay may alagang hayop